

# Isang credit sa buwis para sa mga manggagawa sa Washington!

Ang Working Families Tax Credit (Credit sa Buwis para sa Mga Nagtatrabahong Pamilya) ay magbibigay ng mga bayad na hanggang $1,255 para sa taon ng buwis na 2023 sa mga indibidwal at pamilyang makakatugon sa mga kinakailangan.

**Sino ang kuwalipikado para sa credit sa buwis?**
Kuwalipikado ang mga indibidwal at pamilya kung matutugunan nila ang lahat ng sumusunod na kinakailangan:

- Tumira sa Washington sa loob ng hindi iikli sa 183 araw.
- Hindi mas bata sa 25 taong gulang at wala pang 65 taong gulang O may kuwalipikadong anak noong 2023.
- Naghain ng pederal na tax return sa 2023 gamit ang Numero ng Panlipunang Seguridad (Social Security Number, SSN) o Numero ng Pagkakakilanlan ng Indibidwal na Nagbabayad ng Buwis (Individual Taxpayer Identification Number, ITIN).
- Kuwalipikado para sa pederal na Credit sa Buwis sa Kinita sa kanilang tax return noong 2023.
  – Pumunta sa www.irs.gov/eitc para matuto pa.
- Tugunan ang mga kinakailangan sa kita (tingnan ang talahanayan).

**Magkano ang maibabalik sa mga indibidwal at pamilya?**
Depende ito sa bilang ng mga kuwalipkadong anak at antas ng kita. Tingnan ang talahanayan para sa mga pagtataya batay sa mga limitasyon sa pagiging kuwalipikado ng kita sa 2023.

**Ano ang mga limitasyon sa kita?**

| Bilang ng mga kuwalipikadong anak | Wala pa dapat sa sumusunod ang kinikita ng aplikante | | Maximum na refund |
|---|---|---|---|
| | Walang asawa | May asawa *(magkasamang maghahain)* | |
| 0 | $17,640 | $24,210 | $315 |
| 1 | $46,560 | $53,120 | $625 |
| 2 | $52,918 | $59,478 | $940 |
| 3 *o higit pa* | $56,838 | $63,398 | $1,255 |

Mag-apply na sa WFTC.wa.gov/apply.

**Para makapag-access ng karagdagang impormasyon o mag-sign up para sa mga update, bisitahin ang aming website: WFTC.wa.gov o tumawag sa 360-763-7300.**

WFTC0001-TL 12/15/2023

Department of Revenue Washington State